# Kataga ng Buhay

**Setyembre 2025**

## “Makipagsaya kayo sa akin, dahil natagpuan ko na ang aking nawalang tupa”

(Lucas 15, 6).

Ang mga pastol sa sinaunang panahon sa Silangan ay nagbibilang ng mga tupa pagkabalik nila mula sa pastulan at laging handang humayo sa paghahanap kung may nawawala. Babatahin pa nila ang disyerto at gabi, para mahanap ang mga tupang naligaw.

Ang talinghagang ito ay isang kuwento ng pagkawala at pagkatagpo na malinaw na nagpapakita ng pagmamahal ng pastol sa kawan. Napansin niyang nawawala ang isa sa mga tupa, hinanap niya ito, natagpuan at dinala sa kanyang mga balikat dahil ito’y mahina, natatakot, marahil nasugatan at hindi makasunod sa pastol nang walang tulong. Ibinabalik niyang ligtas ang mga tupa at, sa huli, puno ng kagalakan, inaanyayahan ang kanyang mga kapitbahay na magdiwang kasama niya.

**“Makipagsaya kayo sa akin, dahil natagpuan ko na ang aking nawalang tupa.”**

Tatlong aksyon – pagkawala, pagkatagpo at pagdiriwang – ang paulit-ulit na tema sa kwentong ito.

*Pagkawala*. Ito ang mabuting balita: Lumalabas ang Panginoon upang hanapin ang mga nawawala. Madalas tayong naliligaw ng landas sa iba’t ibang sitwasyong kinakaharap at nararanasan natin o kung saan naghahanap tayo ng kanlungan. Maaaring kasama rito ang mga karanasan ng pag-abandona, hindi pagbibigay ng halaga, kahirapan, hindi pagkakaunawaan o kawalan ng pagkakaisa. Tulad sila ng disyerto kung saan hindi malinaw ang landas na hinaharap. Hinahanap tayo ng pastol kahit sa mga lugar na ito, at mawala man Siya sa ating paningin, lagi Niya tayong matatagpuan.

*Pagkatagpo*. Subukan nating ilarawan ang eksena sa ating isip: hindi magkandaugaga sa paghahanap ang pastol sa disyerto. Kapansin-pansin ang lakas ng pagpapahayag ng larawang ito. Mauunawaan natin ang kagalakang nadama ng pastol at ng tupa nang matagpuan nila ang isa’t isa: Ibinabalik ng pagtatagpong ito ang katiwasayan sa tupa dahil nakatakas na ito sa panganib. Kaya, ang ‘pagkatagpo’ ay isang gawa ng awa’t malasakit ng Diyos.

*Pagdiriwang*. Tinipon ng pastol ang kanyang mga kaibigan upang magdiwang dahil nais niyang makibahagi sila sa kanyang kagalakan, tulad ng ginawa ng pangunahing tauhan sa dalawang pang talinghaga na kasunod nito: ang nawawalang barya at ang maawaing ama.[1] Nais ni Hesus na maunawaan natin ang kahalagahan ng pagkikibahagi sa kagalakan ng lahat at nagpapalakas sa atin upang labanan ang tuksong husgahan ang isa’t isa. Lahat tayo’y ‘natagpuan muli.’

**“Makipagsaya kayo sa akin, dahil natagpuan ko na ang aking nawalang tupa.”**

Itong Kataga ng Buhay ay isang paanyaya na pahalagahan ang awa’t malasakit ng Diyos para sa bawat isa sa atin. Ang sama-samang pagsasaya at pagdiriwang ay nagpapakita sa atin ng isang larawan ng pagkakaisa, kung saan walang paglalabanan sa pagitan ng ‘matuwid’ at ng ‘makasalanan,’ bagkus nakikibahagi tayo sa kagalakan ng bawat isa.

Isinulat ni Chiara Lubich, *‘Ito’y isang paanyaya upang maunawaan ang puso ng Diyos at manalig sa Kanyang pag-ibig. Ang hilig nating magkalkula at magsukat, at kung minsa’y naniniwala tayo na kahit ang pagmamahal ng Diyos ay maaaring mapagod… ngunit ang paraan ng pag-iisip ng Diyos ay hindi katulad sa atin. Ang Diyos ay laging naghihintay sa atin: sa katunayan, tayo’y nagdadala sa Kanya ng napakalaking kagalakan sa bawat pagkakataon – kahit na walang hanggang ulit ito na tayo’y bumalik sa Kanya.’* [2]

**“Makipagsaya kayo sa akin, dahil natagpuan ko na ang aking nawalang tupa.”**

Minsan maaari tayong maging mga pastol, mga tagapag-alaga, para sa isa’t isa at buong pagmamahal na hanapin ang mga napalayo sa atin, sa ating pagkakaibigan o sa ating komunidad. Maaari natin hanapin ang mga pinabayaan ng lipunan, ang mga naligaw nang landas, ang mga taong nasa laylayan ng lipunan dahil sa mga pagsubok sa buhay.

Ikinuwento ito ng isang guro: ‘May mga mag-aaral na bihira nang pumasok sa eskwela. Noon, kapag libre ako, pumupunta ako sa palengke na malapit sa eskwela dahil ninais kong makita sila roon, dahil alam kong may mga nagtatrabaho sa kanila roon para kumita. Isang araw, sa wakas, natagpuan ko sila. Labis silang nagtaka na ako mismo ang naghanap sa kanila. Naantig sila nang malamang sila’y tunay na mahalaga sa buong komunidad ng eskwela. Kaya nagsimula silang pumasok lagi sa eskwela at ito’y naging dahilan para magdiwang ang lahat.’

**“Makipagsaya kayo sa akin, dahil natagpuan ko na ang aking nawalang tupa.”**

*Patrizia Mazzola at ang pangkat ng Kataga ng Buhay*

Each month the Focolare offers a Scripture passage as a guide and inspiration for daily living.

---

1. Ihambing sa Lucas 15:8 at 15:11    2. C. Lubich, Kataga ng Buhay, Setyembre 1986

Distributed in Japan by Focolare：
www.focolare.org/en ・ www.focolare.org/japan
e-mail:tokyofocfem@gmail.com
Tel. Tokyo:03-3330-5619/03-5370-6424
Nagasaki: 095-849-3812